

**Pangalan ng Kandidato:** Ry Armstrong (sila)

**Pangalan ng Kampanya:** Armstrong para sa Lahat

**Website ng Kampanya:** armstrongforall.com

**Posisyon sa Lungsod:** Mayor ng Seattle

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** +1 206-657-6287

Sa gitna ng Seattle, tumatayo ako bilang taga-organisa ng manggagawa, na sumusunod sa mga yapak ng aking pamilya. Hindi ako umaatras sa anumang hamon. Ilang taon akong lumalaban para sa mga karapatan ng mga manggagawa, abot-kayang pabahay, at mga sining. Bilang Co-Executive Director ng Sustainable Seattle, nagtatrabaho ako para sa isang mas malinis, patas na lungsod na nagtatanggol sa mga pinaka-mahina sa atin. Sa loob ng limang taon, nag-organisa ako kasama ng mga unyon ng manggagawa at ngayon ay naglilingkod sa AFL-CIO National Council of AEA, na kumakatawan sa 50,000 malikhaing manggagawa upang itaguyod ang patas na suweldo, kaligtasan, at mga benepisyo. Ang panahon ko sa Seattle LGBTQ Commission at mga taon ng adbokasiya ang nagturo sa akin kung paano gumagana ang pamahalaang lungsod. Naniniwala ako na ang pampublikong transportasyon ay dapat mag-alok ng binawasan o libreng pamasahe upang matulungan ang mga nagtatrabahong pamilya na makabiyahe sa buong lungsod at mabawasan ang mga emisyon upang matulungan ang pagbabago ng klima. Plano kong magdagdag ng 1,000 shelter bed sa aking unang 100 araw. Ang pagbabago ng mga tuntunin sa paggamit ng lupa ay makakatulong sa ating magtayo ng mga sentro ng pangangalaga ng bata at palakasin ang Seattle. Hindi ako aatras sa 2025—handang lumaban ang ating lungsod para sa mas magandang kinabukasan. Humihingi ako ng inyong suporta. Unahin natin ang mga tao. Pagkakaisa!

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Programang Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Bruce Harrell

**Pangalan ng Kampanya:** Bruce para sa Seattle

**Website ng Kampanya:** BruceforSeattle.com

**Posisyon:** Mayor ng Seattle

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 206-569-8486

Karangalan ko ang magsilbi bilang inyong Mayor! Kasamang katrabaho ang ating tapat na mga empleyado ng lungsod, ipinapangako namin ang isang Seattle na ligtas, mura ang bilihin, at nakaaaya para sa lahat.

Ipinagmamalaki ko ang aming mga nagawa na sa ngayon:

● Pinakamalaking mga pamumuhunan sa abot-kayang pabahay, pati na ang tahanang sumusuporta sa mga pinakamahina, at libo-libong tahanan para sa nagtatrabahong mga tao at mga pamilya.

● Mga pagpapabuti ng pampublikong kaligtasan pati na ang paglagay ng mga tauhan sa Pulisya ng Seattle; pagtatatag ng Kawaning CARE na nagdudulot ng maawain at walang armas na paghaharap sa mga nangangailangan; at mga pamumuhunan sa kaligtasan ng kabataan at pag-iiwas sa karahasan ng baril.

● Apurahang aksyon sa klima upang maging mas malinis ang mga gusali, pagbutihin ang access sa transit at ligtas na mga bangketa, palawakin ang EV charging, at magtanim ng libo-libong bagong puno.

● Tumutok sa mga pangunahing serbisyo – pagpapabuti ng mga kalye, naka-streamline na pagpapahintulot, at suporta para sa ating masiglang mga maliit na negosyo.

Dala ng inyong mga voucher at mga boto, patuloy tayong susulong!

● Pagpapalawak ng abot-kayang pabahay – mula sa mga pampamilyang pamamahay malapit sa mga paaralan hanggang sa may madaling access sa transit na mga apartment at mga condominium; dapat nating paramihin ang access, bawasan ang gastos, at lumikha ng mga pagkakataon para sa naipamamanang yaman.

● Progreso sa kaligtasan – ang pagkuha ng mga bagong kasapi sa SPD, pagpapalawak ng Kawaning CARE, pagbawas ng karahasan, at pagharap sa paggamit ng fentanyl at ano pang substansiya.

● Pabilisin ang kinabukasan ng Seattle – West Seattle hanggang Ballard na light rail, pagkumpleto ng Waterfront at muling harayain ang Seattle Center, pagandahin ang downtown hanggang sa maging tunay na kadakilaan ng Emerald City.

Aking hinihiling ang inyong patuloy na pagsuporta.

*Nakikilahok ang kandidatong ito sa Programang Democracy Voucher.*



Pangalan ng Kandidato: Joe Mallahan

Pangalan ng Kampanya: Mallahan para sa pagka-Mayor

Website ng Kampanya: joemallahanforseattlemayor. com

Posisyon sa Lungsod: Mayor ng Seattle

Numero ng Telepono ng Kampanya: 206.229.8149

Tumatakbo ako sa pagka-Mayor dahil naniniwala ako na kayang tuparin ng Seattle ang mga mithiin nito. Sa isang mas mahusay na pagpapatakbo ng pamahalaan ng lungsod, ang Seattle ay maaaring maging isang progresibong modelo para sa bansa—at isang kontra puwersa sa kaguluhan at kalupitan ng MAGA.

Bilang Mayor, gagawin kong gumana ang lungsod para sa ating lahat. Dapat nating lubos na pagbutihin ang kaligtasan ng publiko—na may tunay na pangangasiwa ng pulisya at muling pagtatatag ng tiwala ng komunidad. Kukumpletuhin ko ang 50 pagsama-ng-pagsakay sa pag-papatrol sa aking unang taon upang manatiling may alam sa kung ano talaga ang nangyayari sa ating mga lansangan.

Puputulin ko ang red tape, pabilisin ang paggawa ng pabahay, at mamumuhunan sa mga proyektong nagsisilbi sa mga nagtatrabahong pamilya. Gagamitin ko ang mga pederal na kredito sa buwis upang magtayo ng mga abot-kayang tahanan, palawakin ang akseso sa kalusugan ng isip at paggamot sa adiksyon, at maghatid ng 5,000 emerhensiyang higaan sa aking unang taon—hindi mo magagagamot ang adiksyon kapag ang mga tao ay naninirahan sa mga lansangan.

Naging ahente ako ng pagbabago sa kabuuan ng aking karera—pag-unlad sa mga negosyong nasa katamtamang laki sa pamamagitan ng pakiki-balikat sa mga unang mga humaharap na empleyado. Sa T-Mobile, nakinig ako sa mga customer service rep at nakapagbigay ng credit access at mababang rate sa milyun-milyong pamilyang may mababang kita. Bilang isang tagapag-organisa ng komunidad, pinagsama-sama ko ang mga tao upang malutas ang malalaking problema sa lunsod.

Maaari nating harapin ang kawalan ng tahanan nang may habag, at gawing ligtas at abot-kaya ang Seattle.

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Joe Molloy

**Pangalan ng Kampanya:** Joe Molloy para sa Mayor

**Website ng kampanya:** joemolloyformayor.com

**Posisyon sa Lungsod:** Mayor ng Seattle

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 206-590-1126

Ako si Joe Molloy — isang tagapagtaguyod ng pabahay at kapansanan, isang visionary system-thinker, at isang lider na hinubog ng naranasang mga karanasan sa mga frontline ng sirang sistema.

Hindi pulitiko ang aking career, ngunit isang pampublikong tagapaglingkod - na hinimok ng isang malalim na damdamin ng madaliang pagkilos. Tumatakbo ako upang tugunan, at sa wakasan, ang krisis ng kawalan ng tirahan na laganap sa ating lungsod.

Sinadya kong lumipat sa Seattle, sa paniniwalang isa ito sa iilang lugar sa mundo kung saan lubos kong maipahayag ang aking sarili. Alam kong marami pang iba ang tumatawag sa lungsod na ito na kanilang tahanan para sa parehong dahilan. Ngunit alam nating lahat — na hindi tumutugma ang ating mga sistema sa ating mga mithiin.

Ngunit magagawa nila - kung handa tayo at nakatuon.

Ang aming kampanya ay hindi lamang tungkol sa pagtugon sa kawalan ng tirahan — ito ay tungkol sa pagbuo ng isang lungsod na may kasama at komprehensibong mga serbisyong panlipunan na ang *posibilidad* na maging walang tirahan ay wala na. Naniniwala ako na maaari tayong maging lungsod na nangunguna. Nagtatakda iyon ng halimbawa para sa lahat ng iba pa.

Kung malulutas natin ang kawalan ng tahanan, hindi lamang isang krisis ang aayusin natin — inilatag natin ang pundasyon para sa isang hinaharap na ligtas, napapanatili, at puno ng mga posibilidad.

Kaya narito ako upang likhain – at iyon ang dahilan kung bakit humihingi ako ng inyong suporta.

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Katie Wilson

**Pangalan ng Kampanya:** Wilson para sa Seattle (Wilson for Seattle)

**Website ng Kampanya:** wilsonforseattle.com

**Posisyon sa Lungsod:** Mayor ng Seattle

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 607- 301 - 1836

Ako si Katie Wilson at tumatakbo ako para maging susunod na mayor ng Seattle.

Ginugol ko ang huling 14 na taon ng aking karera sa pagbuo at pangunguna ng mga koalisyon upang makamit ang mahahalagang tagumpay para sa mga nagtatrabahong pamilya: mas matataas na minimum na sahod, mas matitibay na proteksiyon para sa nangungupahan, mas abot-kayang pabahay, mas mahusay na pampublikong transportasyon, at mga buwis sa mga may kakayahang magbayad sa halip na sa iba sa aming napakarami nang binabayaran. Alam ko kung paano pagbuklurin ang mga tao sa gitna ng mga pagkakaiba para makagawa ng mga makabuluhang bagay.

Ang kasalukuyang mayor ay naging politiko na sa City Hall mula pa noong 2008. Sa panahong iyon, ang gastos para umupa o bumili ng bahay sa Seattle ay higit pang dumoble, at mas dumami ang mga taong walang tirahan sa ating mga kalye kaysa rati.

Hindi kailangang maging ganito. Maaari tayong bumuo ng mga tahanan para sa ating lahat. Maaari tayong magkaroon ng masigla at angkop tirahan na mga kapitbahayan. Maaari tayong magkaroon ng umuunlad na maliliit na negosyo. Maaari tayong magkaroon ng mga kalye na ligtas ang pakiramdam dahil ang mga ito ay ligtas. Maaari nating protektahan ang mga imigranteng komunidad at lumikha ng oportunidad para sa lahat. Magagawa natin ito nang sama-sama. Ngunit kailangan ng Seattle ng bagong pamumuno.

Ito ang inyong lungsod. Nais kong dalhin ang inyong kapangyarihan at inyong boses sa City Hall. Samahan ninyo ako, at gawin natin ito.

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Isaiah Willoughby

**Pangalan ng Kampanya:** The People's Voice

**Website ng Kampanya:**

**Posisyon:** Alkalde ng Seattle

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** (206) 228-4802

Hello, Seattle. Ang pangalan ko ay Isaiah Willoughby, at ako ay tumatakbo upang maging inyong susunod na Alkalde.

Ako ay hindi isang politiko sa karera—ako ay isang miyembro ng komunidad na nauunawaan ang tunay na mga hamon na hinaharap ng ating lungsod. Nagtrabaho ako sa pabahay, pinag-aralan ko ang sistema, at nabuhay ako sa pakikibaka ng tumataas na gastusin at mga sirang patakaran.

Mayroon akong diploma sa Real Estate mula sa North Seattle College at may karanasan sa entreprenyurship at pag-oorganisa ng komunidad. Alam ko ang mga isyu dahil hinarap ko ang mga ito—at alam ko na ang mga tunay na solusyon ay nagmumula sa pakikinig sa mga taong direktang naaapektuhan.

Bilang Mayor, tututukan ko ang:

- Pabahay na talagang abot-kaya
- Kaligtasan ng publiko na bumubuo ng tiwala sa komunidad
- Isang malakas na lokal na ekonomiya na tumutulong sa mga nagtatrabahong pamilya at maliliit na negosyo na umunlad

Ang kampanyang ito ay tinatawag na "The Peoples's Voice" dahil naniniwala ako na ang pamumuno ay dapat maging bukas, tapat, at nakaugat sa serbisyo—hindi gaya ng karaniwang pulitika.

Sama-sama, maaari tayong bumuo ng Seattle kung saan ang lahat ay naririnig, sinusuportahan, at binibigyang kapangyarihan.

Salamat sa tiwala at boses nyo.

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Ann Davison

**Pangalan ng Kampanya:** Mga Kapitbahay para kay Ann

**Website ng Kampanya:** https://neighborsforann.com/

**Posisyon sa Lungsod:** Kandidato para sa Abogado ng Lungsod

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** (206) 257 - 2206

Ang paglilingkod bilang Abogado ng Lungsod ng Seattle mula pa noong 2022 ay isang napakalaking karangalan at patuloy akong pinupuno ng lakas upang magpatuloy na tumuon sa pagpapabuti ng kaligtasan ng publiko sa Seattle. Maging ito man ay ang aking pagtuon sa paglalagay ng real-time na pananagutan pabalik sa ating misdemeanor criminal justice system, pagtutulungan sa mga mambabatas o konseho ng lungsod upang mapahusay ang mga batas o ang functionality ng ating mga pamahalaan, nakatuon ako sa kung paano mapapabuti ang ating mga sistema upang mas maging epektibo sa paglilingkod sa publiko. Hinihimok ko ang mga batas upang protektahan ang mga pampublikong lugar ng ating lungsod sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga lugar ng droga at mga lugar ng prostitusyon, na nakakaabala sa mga negosyong kriminal na bumibiktima sa mga taong mahina. Ako ay nasa pinakamainam na mga tanggapan ng tagausig na may hindi pa naganap na transparency ng data at access sa komunidad upang malaman ng publiko ang tungkol sa aking trabaho at ang mga batayan para sa aking mga desisyon. Sa layuning pangkaligtasan ng publiko, kinasuhan ko ang mga gumagawa ng kotse na naglalagay ng kanilang pinakamurang mga kotse sa aming mga merkado na kasama nila sa matinding panganib na manakaw. Dinala ko ang 160M sa Seattle para sa paglilinis ng kapaligiran ng Duwamish, ang pinakamalaking solong paninirahan ng lungsod sa bansa mula sa higanteng kumpanya ng kemikal. Narito ako upang protektahan ang Seattle at ang mga batas nito at hindi mapapagod o titigil sa anumang paraan kung muling mahalal.

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Programang Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Erika Evans

**Pangalan ng Kampanya:** Elect Erika Evans

**Website ng Kampanya:** www.ElectErikaEvans.com

**Posisyon sa Lungsod:** Abugado ng Lungsod

**Email ng Kampanya:** info@ElectErikaEvans.com

Tumatakbo ako upang maging incongruous susunod na Abugado ng Lungsod dahil mahal ko ang lungsod na ito---at alam kong makakagawa pa tayo ng masmabuti. Pinanganak ako sa isang tahanan na nakatuon sa mga karapatang sibil at pang-ekonomiya, at lumaki ako sa mga karamihan na pagsusubok na hinaharap ng marami sa ating komunidad. Ginugol ko ang aking karera sa pagtatanggol sa ating mga karapatan at paghubog ng mga batas na ginagawang mas ligtas ang mga tao.

Ako lamang ang kandidatong nagtrabaho sa parehong dibisyon na kriminal at dibisyong sibil sa Tanggapan ng Abugado ng Lungsod ng Seattle. Alam ko kung papano ipatakbo ang tanggapang ito---at kung papano makapag-abot ng tunay ng pagbabago. Bilang isang pro tem sa hukumang munisipyo, nakita ko kung ano ang anyo ng isang may pananagutan. Bilang isang pederal na taga-usig, hinarap ko ang mga amo na nagnakaw ng mga sahod, inusig ang mga krimen ng kapararalan, ginawang may pananagutan ang mga nagtatrapiko ng mga baril at fentanyl, at pinangatayuan ang mga nabiktima ng karahasan.

Ang tunay na kaligtasan ay higit pa sa mga pag-aaresto. Ang ibig sabihin ay may pananagutang may pakikiramay, matinding mga proteksyon para sa trabahador at para sa kapaligiran, kalayaan sa pagpaparami, at mga tunay na alternatibo sa pagkukulong.  Kaya naman aking ipagtatagumpay ang panibagong Hukumang Komunidad na nakatuon sa rehabilitasyon---hindi pabalik-balik nang madalas.

Sa mga panahon na kung kailan ang ating mga karapatan ay lubos na inaatake ng administrasyong Trump, kinakailangan natin ng isang Abugado ng Lungsod na may karanasan, matatag na katayuan, at may kaalaman kung papano lumaban ng pabalik---at maging pinuno kahit sa unang araw pa lamang. Handa na ako.

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Rory O'Sullivan

**Pangalan ng Kampanya:** Mga Kaibigan ni Rory O'Sullivan

**Website ng Kampanya:** www.electrory.com

**Posisyon sa Lungsod:** Abugado ng Lungsod

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 206-356-9852

Karapat-dapat para sa Lungsod ng Seattle ang isang Abogado ng Lungsod na binibigyan priyoridad ang pagiging mas ligtas ng ating lungsod. Lahat tayo'y laban sa krimen, ngunit hindi sapat ang pagiging laban sa krimen. Naghihintay pa rin tayo ng mga solusyon.

Sinara ng tanggapan ng Abogado ng Lungsod ang mga hukom ng komunidad, nakipag-away sa mga halal na hukom, pinayagan ang oras sa mga pag-uusig ng pagmamanehong lasing na lumobo hanggang 85 araw, walang ginawa sa harap ng mga utos ng ehekutibong laban sa konstitusyon, at nabigo sa paglikha ng mas ligtas at mas mahabaging lungsod na ipinangako nilang lilikhain.

Aking ginugol ang aking karera sa pakikipaglaban para sa mga manggagawa, tinitiyak ang patas na access sa ating legal na sistema, at pagiging isang proactive na collaborator. Handa akong pamunuan ang tanggapan ng Abogado ng Lungsod na nagsusulong ng mga solusyon sa mga problemang hinaharap ng Seattle.

Ibabalik ko ang hukom ng komunidad na may pinahusay na pagsubaybay upang makapagbigay ng pagkakataon na makawala sa siklo ng krimen, pabilisin ang pag-uusig ng karahasang sa pamamahay at pagmamanehong lasing upang huminto tayo sa paghihintay na maganap muli ang mga pagkakasala, ipagpatupad ang malakas na pamantayan sa paggawa upang maprotektahan ang mga manggagawa mula sa masamang pagtrato sa trabaho, at lumikha karampatang tanggapan ng abogado ng lungsod -- na nakatuon sa pamamahalang maayos.

Mga Pag-Endorso: Insurance Commissioner Patty Kuderer, Senador ng Estado Rebecca Saldana, Kinatawan ng Estado Chipalo Street at Sharon Tomiko Santos, Dating Miyembro ng Konseho ng Lungsod Tammy Morales at Mike O'Brien, ang Seattle Dispatcher's Guild, at marami pa.

*Nakikilahok ang kandidatong ito sa Programang Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Eddie Lin

**Pangalan ng Kampanya:** Eddie para sa Seattle

**Website ng Kampanya:** https://www.linforseattle.com/

**Posisyon sa Lungsod:** Posisyon 2 sa Konseho ng Lungsod

**Numero ng Telepono sa Kampanya:** 206-734-7412

Bilang Tumutulong na Abugado ng Lungsod sa Tanggapan ng Pabahay, Ilang taon nang tinatrabaho ni Eddie upang tulungan na ma-pondohan ang libu-libung mga unit ng abot-kayang pabahay. Naniniwala siya na ang pagbaba ng nagtataasang mga renta ay dapat bigyan ng pinaka-mataas na priyoridad. Magtatrabaho si Eddie nang walang pagod upang harapin ang pamana ng pagbubukod na soning, ang redlining, at ang masistemang kakulangan sa pagpupuhunan na nagbibigay kabigatan sa ating lungsod ng ilang mga dekada na, lalo na sa Dulong Timog.

Si Eddie ay anak ng isang taga-Taiwan na migrante at hinarap ang diskriminasyon habang sa kanyang pag-laki sa North Carolina. Umasa siya sa mga iskolarsyip, tulong-pinansiyal at nagtrabaho sa iba-ibang mga trabaho upang tulungang mabayaran ang kanyang pagtatapos ng kolehiyo. Siya ay naging isang pintor ng bahay, isang janitor sa isang lokal na simbahan, at taga-hatid ng mensahe gamit ang bisikleta. Sa paghayag ng The Stranger: "Ang pagiging abot-kayang krisis sa Seattle ay hindi bago kay Eddie, naranasan niyo ito."

Tumatakbo si Eddie dahil siya ay nabibigo sa kakulangan ng madaliang pag-tugon sa mga pinaka-matinding mga hamon ng Seattle. Maging ito ay pampublikong kaligtasan, kakayahan, kawalan ng tirahan o ang pagpapakasakit sa pampublikong paaralan, handa siyang humarap at gumawa ng konkretong progeso.

Naniniwala si Eddie na ang Seattle ay dapat isang lugar para sa lahat- at kaya naman sinusuportahan niya ang pag-bubuwis ng mga mayaman na korporasyon at ang mga may lubos na kayamanan upang mapondohan ang mga esensyal na serbisyo na ating inaasahan.

*Nakikilahok ang kandidatong ito sa Programang Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Adonis Ducksworth

**Pangalan ng Kampanya:** Adonis para sa Seattle

**Website ng Kampanya:** AdonisForSeattle.com

**Posisyon sa Lungsod:** Posisyon 2 sa Konseho ng Lungsod

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 206-495-5597

Pinalaki ako ng isang solong ina sa isang triplex sa Beacon Hill. Mayroon akong masasayang alaala ng pakikipaglaro sa mga kaibigan sa buong kapitbahayan. Ang abot-kayang pabahay malapit sa mga paaralan at serbisyo ay mahalaga sa aming katatagan.

Ngayon, nag-aalala ang mga tao tungkol sa karahasan sa baril, kawalan ng kakayahang makabili ng bahay, mapaalis sa kanilang mga tahanan dahil hindi na makayanan ang presyo, at kakulangan ng mga oportunidad para sa mga bata.

Sa nakalipas na 10 taon, nagtrabaho ako bilang isang propesyonal na pag-abot, pakikipag-ugnayan, at patakaran sa Lungsod ng Seattle. Sa buong lungsod, mayroon akong kasaysayan ng mga nagawa ng pagbubuklod ng mga tao para maayos na maisagawa ang mga bagay.

Tumatakbo ako dahil alam kong may mas maganda pa tayong magagawa para sa ating komunidad.

Sa inyong boto, makukuha ko ang mga resultang nararapat sa atin:

- Mas mahuhusay na opsiyon sa pabahay para sa mga taong gustong manirahan sa Southend; mas maraming opsiyon para sa mga taong gustong manatili sa kanilang mga tahanan at kapitbahayan.
- Mas may pananagutan na mga opisyal ng pulisya, pagpapalawak ng mga tagatugon ng CARE Team, at pamumuhunan sa mga interbensiyon na nagpapababa ng karahasan sa baril at nagpoprotekta sa mga bata at maliliit na negosyo.
- Mula sa tagumpay na nagawa ng Transportation Levy, gagawa ako ng paraang mapabagal ang mga sasakyan sa Rainier at MLK, gawing ligtas at maaasahan ang pagbibiyahe, at mabigyan ang lahat ng gumagamit ng mas ligtas, mas maaasahan, at mahusay na mga opsiyon.

*Nakikilahok ang kandidatong ito sa Programa ng Democracy Voucher.*



Pangalan ng Kandidato: Jeanie Chunn

Pangalan ng Kampanya: Vote for Jeanie

Website ng Kampanya: votejeanie.com

Posisyon sa Lungsod: Posisyon sa Konseho ng Lungsod 2

Numero ng Telepono ng Kampanya: 206-255-4562

Sa kritikal na sandaling ito, kailangan ng Seattle ng isang miyembro ng konseho na tunay na nakikinig—isang taong nakaugat sa komunidad, hindi nabili ng mga espesyal na interes, at handang lumaban para sa matapang, progresibong pagbabago. Tumatakbo ako para maging boses na iyon.

Ang ating lungsod ay nahaharap sa mabibigat na hamon: mga umuurong na istruktura ng buwis na nakikinabang sa mga mayayaman, isang departamento ng pulisya na walang pananagutan, at isang administrasyong kumikriminal sa kahirapan sa halip na tugunan ang mga ugat nito. Kailangan natin ng pamumuno na hindi lamang nagsasalita ng mga halaga, ngunit ipinamumuhay ito.

Bilang isang matagal nang tagapagtaguyod, tumulong ako na maipasa ang mga patakarang nagbabago: JumpStart Seattle, Pay Up na batas, nalimitahan ang mga bayarin sa paghahatid, libreng outdoor dining permit, at nakakuha ng $28.6 bilyon na pederal na tulong para sa mga independiyenteng restaurant sa buong bansa. Alam ko kung paano gawin ang mga bagay, at handa akong gawin ito para sa aming distrito araw-araw.

Nakatuon ako sa abot-kayang pabahay na nakasentro sa mga tao sa tubo, kaligtasan ng publiko na nakaugat sa mga solusyon na pinangungunahan ng komunidad, at isang umuunlad na lokal na ekonomiya kung saan maaaring umunlad ang maliliit na negosyo at manggagawa.

Sama-sama, maaari tayong bumuo ng isang lungsod na abot-kaya, may pananagutan, at nakakaengganyo sa lahat. Alisin natin ang kapangyarihan mula sa mga interes ng kumpanya at patungo sa mga taong gumagawa ng Seattle na ating tahanan. Hinihiling ko ang iyong boto upang makatulong na lumikha ng isang lungsod kung saan mahalaga ang lahat at umunlad ang lahat.

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



Pangalan ng Kandidato: Jamie Fackler

Pangalan ng Kampanya: Jamie para sa Seattle

Website ng Kampanya: jamieforseattle.com

Posisyon sa Lungsod: Posisyon sa Konseho ng Lungsod 2

Numero ng Telepono ng Kampanya: 206-963-3211

Ang Seattle ay isa sa pinakamayamang lungsod sa planeta, ngunit hindi ganoon ang pakiramdam. Mayroon tayo na mga bilyonaryo na umiiwas sa mga buwis habang ang mga pamilya ay walang mga pangunahing kaalaman. Ito ay hindi isang krisis ng mga mapagkukunan, ito ay isang krisis ng mga priyoridad.

Ang mga pamilyang nagtatrabaho noon ay bumibili ng mga bahay dito at umunlad. Hindi natin kailangang tanggapin ang bagong status quo. Ako ay natakbo upang lumikha ng Seattle kung saan ang lahat ay may tahanan, ang bawat bata ay nakadarama ng ligtas na paglalakad papunta sa paaralan, at kung saan ang ating mga komunidad ay puno ng pag-asa.

Akin na sinusuportahan ang Social Housing upang magbigay ng de-kalidad na pabahay na binuo ng unyon bilang isang pampublikong kabutihan. Palalawakin ko ang mga pagkakataon para sa permanenteng abot-kayang pabahay, poprotektahan ang mga karapatan ng nangungupahan, at bubuo ng kapasidad ng tirahan. Palalawakin ng aking tanggapan ang Care Team at sumusuporta sa mga organisasyong nagtatrabaho upang malutas ang aming krisis sa gamot at kalusugan ng isip. Tatanggi kaming tumanggap ng kontrata ng pulisya nang walang mga hakbang sa pananagutan, pondohan ang mga programa sa paglilipat, at ibalik ang pakiramdam ng kaligtasan sa aming lungsod. Hindi ako isang pulitiko sa karera, ngunit ang ating lungsod ay nararapat na magkaroon ng mga regular na tao sa city hall.

Mga Pag-endorso: King County Democrats, 37th District Democrats, County Councilmember Teresa Mosqueda, Tammy Morales, Larry Gossett, MLK Labor, PROTEC17, ILWU19, ATU587, SUP, IAM751, AFT Washington, UAW4121. Ikinararangal ko kung sinuportahan mo rin ako.

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Nathan Rouse

**Pangalan ng Kampanya:** Iboto si Rouse

**Website ng Kampanya:** www.voterouse.com

**Posisyon sa Lungsod:** Abugado ng Lungsod

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 206-593-2203

Ako si **Nathan Rouse**, isang **pampublikong tagapagtanggol, tagapagtaguyod ng batas, at ama**, tumakbo upang maging susunod na **Abugado ng Lungsod** ng Seattle. Hinandog ko ang aking karera bilang isang pampublikong dumedepensa para sa mga taong hindi nagtagumpay dahil sa isang sirang sistema at lumalaban ako para sa pagkakapantay-pantay, pananagutan, at pangalawang mga pagkakataon.

Tumatakbo ako dahil lubos akong nagmamalasakit sa lungsod na ito at naniniwala sa ating pangangailangan ng sistema ng hustisya na nakapagbibigay para sa **lahat—hindi lamang para sa mga may kapangyarihan**. Kinakailangan natin ng **mga tunay na solusyon para sa pampublikong kaligtasan**na siyang humaharap sa mga seryosong mga pagkakasala na hindi mabigat habang naghahadog ng makabuluhang rehabilitasyon at suporta sa mga taong ibig bumalik sa ating komunidad. Kinakailangan nating **protektahan ang mga manggagawa at mga nangungupahan, magtatag ng mas matatag na pondo ng kabayaran para sa mga nabiktima ng krimen,** at itatag ang mga **progresibong kinahahalagahan ng Seattle**---lalo na't kung ang mga ito ay inaatake ng administrasyong Trump. Hindi natin maaasahan ang ating Republikanong Abugado ng Lungsod na tayo'y kanyang ipaglalaban.

Araw-araw nakikita ko ng personal kung papaano ang kasalukuyang pagsulong ng hustisya ay hindi gumagana. Kdalasan, pinapadaan natin ang mga tao sa sistema nang hindi tinutukoy ang mga ugat na sanhi ng krimen o inihahanda sila para sa tagumpay kapag sila ay nakalabas para hindi na sila muling magkasala. Aking bibigyang atensyon ang **mga polisiya na napagbabatayan ng data** na siyang nagpapabuti sa pampublikong kaligtasan habang tinitiyak ang makabuluhang pananagutan.

Ako'y tumatakbo upang maitayo ang **mas-ligtas, mas-patas na Seattle**—at ako'y umaasa na sumapi kayo sa akin.

*Nakikilahok ang kandidatong ito sa Programang Democracy Voucher.*



Pangalan ng Kandidato: Jesse A. James

Pangalan ng Kampanya: Jesse A. James para sa Seattle

Website ng Kampanya: jesseajames.com

Posisyon sa Lungsod: Posisyon ng Konseho ng Lungsod 8

Numero ng Telepono ng Kampanya: (206) 657-7062

Bilang isang milenyal na musikero/manunulat na alam mismo ang mga paghihirap ng pagtatrabaho at pagre-renta sa Seattle, ang pangunahing prayoridad ko bilang miyembro ng konseho ay gawing ligtas at abot-kaya ang Seattle para sa lahat.

Noong 2022, tumakbo ako para sa Kongreso sa isang plataporma na nakasentro sa reporma sa buwis at pagtatanggol sa mga karapatan sa pag-aanak. Sumali ako sa bagong Cascade Party noong 2024, at nahalal sa Lupon nito kasunod ng matagumpay na pagtulak na magdagdag ng kalayaan sa pagsasalita at pangkalahatang pangangalagang pangkalusugan sa kanilang plataporma.

Naniniwala ako na ang ideolohiya ay dapat na isantabi sa likod ng praktikalidad at komunidad pagdating sa lokal na gobyerno. Dito nangyayari ang tunay na pagbabago.

Ang patakarang pederal ay magulo, at kailangan natin ng katatagan sa lokal na pamahalaan. Umunlad ang Seattle sa nakalipas na ilang taon sa kaligtasan ng publiko at pabahay, habang pinapanatili din ang ating lungsod na kaakit-akit sa negosyo. Mahahanap natin ang magandang parte ng lungsod sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahahabagin na mga programang panlipunan, habang sinusuportahan din ang mga may-ari ng maliliit na negosyo.

Aking patuloy na ginagawa ang pagpapalawak ng light rail. Ako ay isang tagapagtaguyod para sa pagtanggal ng Buwis sa Asukal. Gumagana ang mga patakarang ito sa aking layunin, na magdala ng pananagutan at balanse sa konseho, at narito ako upang gawin ang trabaho!

Naendorso ni Krist Novoselic at ng iba pa.

*Ang kandidatong ito ay hindi nakikilahok sa Democracy Voucher Program.*



Pangalan ng Kandidato: Rachael Savage

Pangalan ng Kampanya: Mga Kaibigan ni Rachael Savage – Konseho ng Lungsod

Website ng Kampanya: http://www.savageforseattle.com

Posisyon sa Lungsod: Posisyon ng Konseho ng Lungsod 8

Numero ng Telepono ng Kampanya: (206) 657-7062

Bilang isang may-ari ng negosyo sa Seattle, kinailangan kong harapin ang mga kahihinatnan na dulot ng mga pulitiko na bumubuwal sa ating sistema ng katarungan, na nagbigay-daan sa krimen, adiksyon, at sakit sa pag-iisip na nagdulot ng pagkamatay, pagbagsak ng ating mga negosyo at ng magandang sentro ng lungsod, at sa pakiramdam ng kaligtasan ng bawat mamamayan. Bilang isang residente kailangan kong labanan ang patuloy na pagtaas ng upa at naranasan kong hindi ma abot ang presyo sa pagbili ng bahay. Bilang miyembro ng inyong konseho ng lungsod, ang aking misyon ay paglingkuran kayo sa pamamagitan ng pagpasa ng mga praktikal na patakaran na nagsasara sa agwat ng sahod at upa, muling pagtataguyod ng ating departamento ng pulisya, sinisiguro ang ating sariling kulungan ng lungsod, naglalaan ng permiso para sa mga pag-aresto at sentensya sa kulungan, at nagtatayo ng mga pangmatagalang residensyal na pagamutan upang masolusyunan ang epidemya ng droga at sakit sa pag-iisip.

Makakagawa tayo ng masmabuti. Ang bawat mamamayan ay may parehong hangarin, na tratuhin nang patas sa ilalim ng batas at mamuhay sa isang mapayapa, matatag, maunlad na lipunan. Ang kaligtasan ay magbabalik ng negosyo at kasaganaan sa ating lungsod. Magagawa natin ito nang sama-sama. Sa pamamagitan ng inyong boto, ako ay kakatawan sa tinig na hindi naririnig, ang tinig ng makatuwiran, ang nagkakaisang tinig, laban sa status quo na matagal nang nabigo sa atin. Ang mga voucher ng demokrasya ay tumutulong sa pagpopondo sa mga tagalabas. Suportahan ang aking kampanya sa inyong mga voucher ng demokrasya ngayon.

Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Democracy Voucher Program.



Pangalan ng Kandidato: Ray A. Rogers

Pangalan ng Kampanya: Ray A. Rogers (para sa Konseho sa Lungsod ng Seattle, posisyon 8)

Website ng kampanya: www.RayRogersForSeattle.com

Posisyon: 8

Numero ng Telepono ng Kampanya: 206-641-0859

Alam ko kung ano ang nangyayari kapag nabigo ang gobyerno dahil naranasan ko ito. Lumaki ako sa Timog-silangang Seattle sa panahong napakaraming bata, kasama na ako, ang nadala sa karahasan at adiksyon. Ilang taon akong nakikipaglaban sa kawalan ng tirahan, pag-abuso sa droga, at pagkakulong. Doon na sana magwawakas ang buhay ko. Ngunit hindi, dahil isang pinuno ng komunidad ay naglaan ng oras upang maniwala sa akin noong walang ibang naniniwala. Binaliktad ko ang buhay ko. At sa nakalipas na 20 taon, nagsusumikap akong tulungan ang iba na gawin din iyon.

Ngayon ako ay tumatakbo para sa Konseho sa Lungsod ng Seattle dahil ang aming lungsod ay nasa isang sangang-daan. Mayroon akong tunay na karanasan sa pakikipaglaban sa krimen at adiksyon. Itinatag ko ang Circle of Love Outreach, isang grassroots program na sumusuporta sa mga taong nahaharap sa pagkagumon, karahasan, at kawalan ng tirahan.

Gusto ng ilan sa Konseho na ibalik tayo sa hindi gumagana, pagkakabuwag, at pagkakaila na nagdulot ng labis na pinsala. Huwag hayaang mangyari iyon. Magtatrabaho ako upang ilipat ang mga tao na naka tolda sa labas at papunta sa pabahay, nang may habag at pagkaapurahan. Mamumuhunan ako sa mga programa ng kabataan, pag-iwas sa karahasan, suporta sa kalusugan ng isip, at tunay na oportunidad sa ekonomiya—dahil nakita ko kung ano ang mangyayari kapag hindi natin ginawa. At maninindigan ako para sa maliliit na negosyo na nagpapanatili sa ating mga komunidad na masigla.

Ang kandidatong ito ay hindi nakikilahok sa Democracy Voucher Program.



Pangalan ng Kandidato: Alexis Rinck

Pangalan ng Kampanya: Alexis para sa Seattle

Website ng Kampanya:

www.alexisforseattle.com/

Posisyon sa Lungsod: Posisyon sa Konseho ng Lungsod 8

Numero ng Telepono ng Kampanya: 206-705-9305

Ipinagmamalaki ko kung ano ang nagawa ng aking opisina sa napakaikling panahon:

- Nagwagi sa Prop 1A, na pumasa sa 63% ng boto ngayong taon, upang pondohan ang abot-kayang pagpapatayo ng pabahay sa pamamagitan ng buwis sa malalaking korporasyon.

- Nangunguna sa paglaban upang pangalagaan ang ating Lungsod mula sa mga pagbabago sa patakarang pederal sa pamamagitan ng pamumuno sa isang nakatuong komite na nagpupulong ng lokal na kadalubhasaan at mga pinuno.

- Nagtataguyod ng progresibong patakaran sa buwis, binabawasan ang pasanin sa maliliit na negosyo habang pinoprotektahan ang abot-kayang pabahay, access sa pagkain, at iba pang serbisyo mula sa mga pagbawas.

Bilang isang renter, bus commuter, at dating waitress, nasasabik akong tumakbo para sa muling halalan upang ipagpatuloy ang gawaing ito. Ipinagmamalaki kong magkaroon ng mga pag-endorso mula sa MLK Labor, The Stranger, One America Votes, The Urbanist, Democratic groups, Seattle City Councilmember Dan Strauss, mga mambabatas sa bawat Seattle Legislative District, bawat King County Councilmember sa Seattle, at marami pa. Sana ay makuha ko rin ang iyong suporta!

Pakibigay ang iyong Democracy Voucher at bisitahin ang AlexisForSeattle.com para matuto pa.

*Ang kandidatong ito ay nakikilahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Dionne Foster

**Pangalan ng Kampanya:** Dionne para sa Seattle

**Website ng Kampanya:** dionnefoster.com

**Posisyon sa Lungsod:** Posisyon #9 sa Konseho ng Lungsod ng Seattle

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 206-651-5493

Nararapat sa atin ang mga ligtas na kalasada, abot-kayang pabahay, at mga pinuno ng Seattle na pinoprotektahan ang ating mga karapatan at ginagalang ang ating mga boses.

Si Dionne Foster ay isang dalubhasa sa patakaran, pinuno ng komunidad, sinanay na social worker, at ina na gumugol ng higit sa isang dekada upang gawing mas ligtas, mas napapanatili, at mas makatarungan ang ating mga komunidad. Siya ay tumatakbo para sa Konseho ng Lungsod upang buuin itong rekord sa pagiging positibo sa pamumuno– muling naka-tuon sa Konseho upang tugunan ang mga magkakabahaging priyoridad at agarang pangangailangan, hindi ang mga personal na layunin.

Bilang Executive Director sa WA Progress Alliance, tumulong siya na maipasa at protektahan ang mga makasaysayang pamumuhunan sa pangangalaga sa bata, maagang edukasyon, at pagtatayo ng paaralan sa pamamagitan ng kanyang pamumuno sa isang maka-estadong lawak na capital gains tax– tinitiyak na ang mayayaman ay nagbabayad ng patas na bahagi at tinutugunan ang abot-kaya at mga pangangailangan sa pagpopondo.

Bilang Senior Policy Advisor sa Lungsod ng Seattle, pinamahalaan ni Dionne ang pakikipag-ugnayan ng stakeholder upang mapabuti ang kaligtasan ng publiko, lumikha ng mga pagkakataon para sa mga kabataan, at makamit ang mga layunin sa klima. Sa Seattle Foundation, namuhunan siya sa mga organisasyong lumilikha ng mga bagong estratehiya sa pabahay at nagtataguyod ng sigla sa ekonomiya.

Sa inyong suporta, tutulungan ni Dionne na ipagtipon ang Seattle upang tugunan ang mga pambansang hamon at himukin ang lokal na pag-unlad upang matulungan ang lahat na maging ligtas, malugod na tinatanggap at suportado sa ating lungsod. Si Dionne ang tanging kandidato sa karerang ito na itinataguyod ng MLK Labor Council.

*Ang kandidatong ito ay lumalahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Sara Nelson

**Pangalan ng Kampanya:** Sara Nelson para sa Konseho ng Lungsod

**Website ng kampanya:** SaraForCityCouncil.com

**Posisyon:** Posisyon 9 At-Large ng Konseho ng Lungsod ng Seattle

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** 206-821-6140

Ako si Sara Nelson, ang inyong Konsehal sa buong lungsod.

Sa apat na taong lumipas, ang Seattle ay napahinto - hinaharap ang tumataas na krimen, mga kampo sa ating mga parke, at isang Konseho na tila mas interesado sa paggawa ng mga pahayag kaysa sa pagiging ma-progreso. Tumakbo ako para iyon ay mabago.

Ngayon, sa wakas ay nagbabago na tayo ng direksyon. Ang Seattle ay kumukuha ng mas maraming kapulisan kaysa sa mga umaalis sa unang pagkakataon mula noong 2019. Tinutugunan namin ang epidemya ng fentanyl nang direkta sa pamamagitan ng pagpapalawak ng aming pakikipagtulungan sa Mga Serbisyo ng Evergreen Treatment na nagdadala ng mga mobile na pagpapagamot at suporta nang direkta sa mga taong pinahihirapan ng opioid gawa sa paggamit nito. At nang nakaharap ang mga negosyo sa kapitbahayan ng mga paninira gawa ng pagnanakawan, lumikha kami ng Pagpopondo sa Pag-aayos ng Storefront upang matulungan silang mabawi ang kanilang mga gastos.

Ang lahat ay nararapat sa kaparehong pag-aakseso na pagbawi na gaya ng aking nakamit. Iyon ang dahilan kung bakit tumuon ako sa pagbibigay ng libre, on-demand na paggamot, habang pinapabuti ang pagtugon sa emerhensiya sa kalawakan ng ating lungsod.

Naniniwala ako sa paghahatid ng mga resulta, hindi yung walang katapusang pagde-debate. Kung iyon man ay sa pagtulong sa mga maliliit na negosyo upang umunlad o sa pagsuporta sa mga institusyong nakabase sa komunidad na nagpapasigla sa ating lungsod.

Ang mga hamon na ating hinaharap ay masalimuot ngunit sa ating pagsasama-sama tayo'y makakagawa ng tunay na progreso. Ikinararangal kong makuha ang inyong suporta upang ipagpatuloy ang gawaing ito.

*Ang kandidatong ito ay hindi nakikilahok sa Democracy Voucher Program.*